

LEARNING STRAND 1 KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO

MODYUL 2: ANO ANG SIMULA, KAILAN ANG GITA, AT PAANO ANG DULO?

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School



LEARNING STRAND 1



**ANO ANG SIMULA, KAILAN ANG
GITNA, AT PAANO ANG DULO?**

**KASANAYANG PANGKOMUNIKASYON SA FILIPINO
MODYUL 2**

ALS Accreditation and Equivalency Program: Junior High School
Learning Strand 1: Kasanayang Pangkomunikasyon sa Filipino
Modyul 2: Ano ang Simula, Kailan ang Gitna, at Paano ang Dulo?

Inilimbag ng United Nations Educational, Scientific and Cultural Organization
UNESCO Office, Jakarta taong 2020
Jalan Galuh II No. 5, Kebayoran Baru, Jakarta, Indonesia

and

Kagawaran ng Edukasyon
DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines

Karapatang sipi © UNESCO and DepEd 2020

Ang publikasyon na ito ay magagamit sa ilalim ng Attribution-Share Alike 3.0 IGO (CC-BY-SA) 3.0 IGO license (<http://creativecommons.org/licenses/by-sa/3.0/igo/>). Kaakibat ng paggamit ng nilalaman ng publikasyon ito, ang mga gumagamit ay tatanggapin ang mga tuntunin sa paggamit ng UNESCO Open Access Repository (<http://www.unesco.org/open-access/terms-use-ccbysa-en>).

Ang lahat ng materyal na iprinisinta sa kabuoan ng publikasyon na ito ay hindi nagpapahiwatig at nagpapahayag ng anumang opinyon ng kahit na sinomang parte ng UNESCO sa usapin ng legal na katayuan ng anumang bansa, teritoryo, lungsod o lugar, mga awtoridad nito, o kahit na ang mga hangganan nito.

Ang pagpili ng mga materyal at opinyon na nakapaloob sa publikasyon ay responsibilidad ng mga manunulat at hindi ng UNESCO.

Ang modyul na ito ay ginawa at inilimbag para sa proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” na may suportang pampinansyal mula sa Korea International Cooperation Agency.

Inilimbag ng APC Printers Corporation
Inilimbag sa Makati City, Philippines

ISBN 888-888-8888-88-8

DEVELOPMENT TEAM



Jenelyn Marasigan Baylon	Master Teacher I, ALS Task Force (On-detail)
Kristine Lee S. Lumanog	Education Program Specialist II, ALS Task Force (On-detail)
Judy R. Mendoza	Project Development Officer III, Bureau of Learning Resources
Reyangie V. Sandoval	Education Program Specialist II, Bureau of Learning Resources
Josephine C. Intino	Senior Education Program Specialist, Bureau of Curriculum Development
Eric U. Labre	Senior Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Roderick P. Corpuz	Supervising Education Program Specialist, ALS Task Force
Daisy Asuncion O. Santos	Chief Education Program Specialist, Bureau of Learning Resources
Marilette R. Almayda	Director III/Head, ALS Task Force
Ariz Delson Acay D. Cawilan	Officer-In-Charge, Office of the Director IV, Bureau of Learning Resources
G. H. S. Ambat	Assistant Secretary for Alternative Learning System Program and Task Force
Tonisito M. C. Umali	Undersecretary for Legislative Liaison Office, External Partnership Service and Project Management Service
Leonor Magtolis Briones	Secretary



Nanette Amongol	Author
Chinita Ann Francisco	Content Expert
Bernadette Sison	Admin and Finance Staff
Mildred Parbo	Project Lead
Ma. Teresita Medado	President

Content and Language Evaluators and Instructional Design Reviewer

Joselito D. Daguison	Schools Division Office of Pangasinan I, Department of Education
Mary Ann C. Macaranas	Pangasinan State University
Rechie O. Salcedo	Schools Division Office of Iriga City, Bicol Region, Department of Education



United Nations
Educational, Scientific and
Cultural Organization

Ade Sandra	Admin and Finance Assistant
Rusyda Djamhur	Project Assistant
Marmon Abutas Pagunsan	National Project Consultant
Remegio Alquitran	National Project Officer
Maria Karisma Bea Agarao	National Programme Coordinator
Mee Young Choi	Head of Education Unit
Shahbaz Khan	Director and Representative

Gabay sa Gagamit

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa Learning Strand 1 Filipino ng Alternative Learning System (ALS) Junior High School Modyul para sa araling Ano ang Simula, Kailan ang Gitna, at Paano ang Dulo?

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral sa iyong sariling pamamaraan at bilis ng pagkatuto. Hangad din nito na madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.



Kilalanin

Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul.



Subukin

Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul.



Layunin

Ang seksyon na ito ay nagbibigay ng maikling talakayan ukol sa aralin. Nilayon nitong matulungan kang matuklasan at maunawaan ang mga bagong konsepto at kasanayan.



Tuklasin

Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain, o isang sitwasyon.



Suriin

Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan.



Linangin

Binubuo ito ng mga gawain para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul.



Isagawa

Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay.



Tandaan Mo

Dito matatagpuan ang mga buod ng mga aralin sa modyul na ito.



Pagtataya

Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi.

***Susi sa
Pagwawasto***

Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul.

Talahulugan

Ang bahaging ito ang nagbibigay ng impormasyon ukol sa kahulugan ng mga salitang ginamit sa modyul na ito.

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

Sanggunian

Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang Subukin bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagdaloy. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

NILALAMAN

Kilalanin	1
Subukin	3
ARALIN 1: Mga Hudyat sa Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari	8
Layunin	8
Tuklasin	9
Suriin	10
Linangin	19
Isagawa	21
ARALIN 2: Mga Salitang Hudyat ng Simula, Gitna at Wakas ng Akda	22
Layunin	22
Tuklasin	23
Suriin	25
Linangin	31
Isagawa	34
ARALIN 3: Pamamaraan ng Pagpapaabot ng Mensahe	35
Layunin	35
Tuklasin	36
Suriin	38
Linangin	46
Isagawa	48

NILALAMAN

Tandaan Mo	51
Pagtataya	52
Susi sa Pagwawasto	55
Talahulugan	59
Sanggunian	61



MODYUL 2

KILALANIN

Binabati kitang muli sa iyong tagumpay sa nakaraang modyul. Alam kong kinagiliwan mo ang mga gawain dahil nagpalawak ito ng iyong kaalaman at karanasan.

Handa ka na ba sa panibagong kabalikat mo sa iyong pag-aaral? Magaling! Tara na! Simulan na nating pag-aralan ang Modyul 2.

Ano kaya ang mga nais gawin ni Chin? Alamin nga natin.

Ang iyong kapitbahay na si Chin ay nais magtrabaho bilang isang encoder sa isang maliit na kompanya sa inyong lugar. Kaya naman, isa sa dapat niyang matutuhan ay ang pagsasaayos ng mga bagay na kailangan niyang gawin, at makasulat ng liham aplikasyon na siyang gagamitin niya sa pag-aplay.



Tama! Kaya sa modyul na ito, matututuhan mong;

- Nagagamit nang wasto ang mga pang-ugnay na hudyat sa pagsasalaysay at pagsusunod- sunod ng mga pangyayari (isang araw, samantala, at iba pa) (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-18)
- Naisasalaysay nang maayos at wasto ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-29)
- Nakasusulat ng isang simpleng resipi (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)
- Nakasusulat ng sariling talambuhay LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14
- Nakasusulat ng liham na nag-aaplay ng trabaho (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)
- Nakasusulat ng tugma o maikling tula (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14)

MODYUL 2

Kaugnay nito, ang iyong pag-aaral sa modyul na ito ay binubuo ng tatlong aralin. Ang mga ito ay:

Aralin I: Mga Hudyat sa Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari

Aralin II: Mga Salitang Hudyat ng Simula, Gitna, at Wakas

Aralin III: Pamamaraan sa Pagpapaabot ng Mensahe

Tulad ng naunang modyul, ang bawat aralin ay may mga nakalakip na gawain. Ang mga gawain na ito ay tiyak na lilingang sa iyong mga kasanayan. Huwag magmadali sa pagsasagawa nito, basahin at unawaing mabuti ang bawat gawain upang tiyak na mapagtagumpayan mo ito.

Halika na, simulan na natin ang iyong modyul. Batid ko na may ideya ka na sa modyul na ito. Subukin nating alamin kung ang iyong mga ideya ay tumutugon sa mga konseptong saklaw ng modyul. Simulan natin sa pamamagitan ng gawain na susukat sa lawak ng iyong kaalaman.



MODYUL 2

SUBUKIN

- I. **Panuto:** Basahin ang maikling kuwento na may pamagat na “**Noche Buena**” ni Neyt Amon. Pagkatapos, tukuyin ang angkop na deskripsiyon na ipinakikita sa bawat larawan. Piliin ang wastong letra para rito. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

NOCHE BUENA

NEYT AMON

Nalalapit na naman ang kapaskuhan at naging panata na ng aming pamilya ang magkaroon ng ambagang pagkain para sa salo-salo na magaganap pagpatak ng alas-dose. Nabalitaan ko na ang aking mga tiyahin ay may kaniya-kaniyang plano na ng lulutuin at ito ako, wala pang naiisip kung ano ang aking magiging ambag para sa munting salo-salo. Kaya naman naghanap ako sa *internet* ng ilang mga magaganda at bagong resipi na maaaring magustuhan ng mga bata at matanda.

Nakakita ako ng isang post na ginawa ng isa kong katrabaho. Tinatawag nila itong *Graham Balls* ngunit kailangan kong malaman kung paano ito ginagawa kaya naman agad akong nagpadala ng mensahe sa kaniya at agad naman siyang tumugon dito.

“Pasensiya ka na Neyt, nagmamadali ako pero ito ang mga larawan na maaaring makatulong sa iyo”, ipinadala niya ang mga larawan kung paano niya ito ginawa ngunit wala ito sa wastong pagkakasunod-sunod.

ARALIN 1

Panuto: Tulungan natin si Neyt na ayusin ang ilustrasyon at ang deskripsiyon. Pagtapatin ang larawan at ang pagpipilian.

1.



- a. Alisin ang mga *marshmallow* sa gitna ng inilapat na graham.
- b. Lagyan ng durog na *biscuit* ang inilapat na mga *marshmallow*
- c. Ilalapat ang durog na *biscuit* at idagdag ang mga *marshmallow* sa gitna ng *biscuit*.

2.



- a. Idagdag ang 1/3 tasa ng kondensada. Ibuhos ang kondensada sa durog na *biscuit*. Siguraduhin lamang na hindi ito masyadong basa o masyadong tuyo, at dapat magkadikit nang bahagya.
- b. Idagdag ang 1/3 tasa ng graham. Ibuhos ang durog na *biscuit* sa kondensada. Siguraduhin lamang na hindi ito masyadong basa o masyadong tuyo at dapat magkadikit nang bahagya.
- c. Idagdag ang 1/3 na tasa ng tubig. Ibuhos ang durog na *biscuit* sa tubig. Siguraduhin lamang na hindi ito masyadong basa o masyadong tuyo, at dapat magkadikit nang bahagya.

ARALIN 1

3.



- a. Ihulma ang iyong *marshmallow* pabalik sa nais na hugis. Sa sandaling mayroon ka ng ilang mga durog na *biscuit* sa gitna ng iyong *marshmallow* at naiporma na sa nais na hugis.
- b. Ihulma ang iyong graham pabalik sa nais na hugis. Sa sandaling mayroon ka ng ilang mga *marshmallows* sa gitna ng durog na *biscuit* at naiporma na sa nais na hugis.
- c. Ihulma ang iyong graham pabalik sa nais na hugis. Sa sandaling mayroon ka ng ilang mga chocolate chips sa gitna ng durog na *biscuit* at naiporma na sa nais na hugis.

4.



- a. Iuhos ang iyong durog na *biscuit* sa isang mangkok. Maaari ding bumili ng durog na *biscuit* o durugin ang mga ito nang mano-mano.
- b. Iuhos ang iyong buo-buong *biscuit* sa isang mangkok. Maaari ding bumili ng durog na *biscuit* o durugin ang mga ito nang mano-mano.
- c. Iuhos ang *biscuit* sa isang mangkok. Maaari ding bumili ng durog na *biscuit* o durugin ang mga ito nang mano-mano.

ARALIN 1

5.



- a. Iporma na nang pa-parisukat. Maaari ding gumawa gamit ang kutsara upang maihulma ito, depende sa kung ano ang gusto mong hugis nito.
- b. Iporma na nang pabilog sa pamamagitan ng kamay. Maaari ding gumawa gamit ang kutsara upang maihulma ito nang pabilog, depende sa kung ano ang gusto mong hugis nito.
- c. Iporma na nang hugis ang durog na *biscuit*. Maaari ding gumawa gamit ang kutsara upang maihulma ito, depende sa kung ano ang gusto mong hugis nito.

6.



- a. Maaari na nating ilagay ang huling sangkap na *sprinkles* o iba pang “*toppings*” kung tawagin at ilagay ito sa *refrigerator*. Sa loob ng dalawa hanggang tatlong oras ay maaari na natin itong ihanda.
- b. Maaari na nating ilagay ang huling sangkap na gatas at ilagay ito sa *refrigerator*. Sa loob ng dalawa hanggang tatlong oras ay maaari na natin itong ihanda.
- c. Maaari na nating ilagay ang huling sangkap na durog na *biscuit* at ilagay ito sa *refrigerator*. Sa loob ng dalawa hanggang tatlong oras ay maaari na natin itong ihanda.

6 ANO ANG SIMULA, KAILAN ANG GITNA, AT PAANO ANG DULO?

ARALIN 1

II. Panuto: Ayusin ang pagkakasunod-sunod ng mga proseso batay sa deskripsiyon sa naunang gawain. Lagyan ng bilang 1-5 ang patlang ayon sa wastong pagkakasunod-sunod ng mga ito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

- 1. Pagkatapos ay idagdag ang $\frac{1}{3}$ tasa ng kondensada. Ibuhos ang kondensada sa durog na *biscuit*. Siguraduhin lamang na hindi ito masyadong basa o masyadong tuyo, at dapat magkadikit nang bahagya.
- 2. Sa sandaling mayroon ka ng ilang mga marshmallows sa gitna ng iyong durog na *biscuit* at naiporma na sa nais na hugis. Iporma na nang pabilog sa pamamagitan ng kamay. Maaari ding gumawa gamit ang kutsara upang maihulma ito nang pabilog, depende sa kung ano ang gusto mong hugis nito.
- 3. Panghuli, maaari na nating ilagay ang huling sangkap na *sprinkles* o iba pang “*toppings*” kung tawagin at ilagay ito sa *refrigerator*. Sa loob ng dalawa hanggang tatlong oras ay maaari na natin itong ihanda.
- 4. Una, ibuhos ang iyong durog na *biscuit* sa isang mangkok. Maaari ding bumili ng durog na *biscuit* o durugin ang mga ito nang mano-mano.
- 5. Sunod, ilalapat ang durog na *biscuit* at idagdag ang *marshmallows* sa gitna ng durog na *biscuit* atsaka ihulma ito pabalik sa nais na hugis.

III. Panuto: Tukuyin ang bahagi ng liham na inilalahad sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- 1. Lubos na sumasainyo,
- 2. Jose Batungbakal
- 3. Mahal na Dr. Juan Matanggihan
- 4. Jose Batungbakal
- 5. 124 Brgy. Matipuno, Lungsod Quezon
- 6. Nabasa ko po sa isang pahayagan na may petsang 12 Oktubre 2020 na ang inyong tanggapan ay nangangailangan ng isang mensahero. Nais ko pong mag-aplay sa nabanggit na posisyon. Naniniwala po akong taglay ko ang mga kuwalipikasyong hinahanap ninyo para sa gawain na ito. Nakahanda po akong makipanayam sa inyo sa oras at araw na inyong itatakda.



MGA HUDYAT SA PAGKAKASUNOD-SUNOD NG MGA PANGYAYARI

Hindi ba't magulo pakinggan ang isang pangyayari kung ang mga ideya na nakapaloob dito ay hindi nakaayos sa tamang daloy kung paano ito naganap? Para bang hindi natin alam kung ang binabasa o pinakikinggan natin ay simula, gitna, o wakas ng isang kuwento. Mahalagang ating malaman o matutuhan ang pagsusunod-sunod ng mga pangyayari nang sa gayon ay mas mabilis maitindihan ang nais nating iparating sa ating kausap. Kaya naman halina't tuklasin natin ang mga elemento ng mga hudyat sa pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Nakasulat ng isang simpleng resipi (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14); at



Naisasalaysay nang maayos at wasto ang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-29).



ARALIN 1

TUKLASIN

Handa ka na ba?

Simulan natin pagyamanin ang iyong kaalaman at kakayahan sa pagsusunod-sunod ng pangyayari.

Batid ko na may ideya ka na sa araling ito. Subukin nating alamin ang kung ang iyong mga ideya ay tumutugon sa mga konseptong saklaw ng aralin. Simulan natin sa gawain na ito.

Panuto: Kumuha ng malinis na papel at isagawa ang sumusunod:

Una, mag-isip at ilaran ang lugar na pinakagusto mong puntahan.

Pangalawa, sa lugar na iyong napili, ano-ano ang mga magagandang tanawin o lugar na nais mong bisitahin doon?

Pangatlo, ilagay kung kailan mo nais pumunta at ilang araw mo balak manatili sa lugar na iyong napili.

Pang-apat, Ilista ang mga nais mong gawin sa lugar na iyong napili.

Ang iyong ginawa ay pagsunod sa mga ibinigay na direksyon o panuto. Pauunlarin natin ang iyong kaalaman sa bagay na ito sa tulong ng ating aralin ukol sa “Hudyat sa Pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari”.



ARALIN 1

SURIIN

Sa bahaging ito ng aralin ay matutuklasan natin ang mga hudyat na ginagamit upang maging maayos ang daloy ng kuwento at mga pangyayari sa loob nito.

Simulan natin ang pag-aaral sa bahaging ito. Ating talakayin ang mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng mga pangyayari.

ANO ANG HUDYAT SA PAGKAKASUNOD-SUNOD NG MGA PANGYAYARI?

Sinasagot nito ang mga tanong na:

1. Paano nagsimula, nagpatuloy at natapos ang mga pangyayari?
2. Paano ginawa ang proseso ng paggawa ng isang bagay?

Ang **Hudyat sa pagkakasunod-sunod ng mga Pangyayari** ay mga salitang nagiging senyales kung ang direksiyon ay marapat na gawin sa umpisa, gitna o dulo.

Mga Uri ng Pagkakasunod-sunod o Order

1. Sikwensiyal

Ito ay kadalasang ginagamit kapag nagkukuwento ng mga karanasan.

Mga hudyat na ginagamit: Una, Sunod, Panghuli.

Halimbawa:

Noong pumunta kami ng palengke, ang **una** naming ginawa ay tumungo sa bilihan ng mga manok nang sa gayon ay makuha naming ang sariwa at bagong katay. **Sunod**, kami ay tumungo sa tindahan ng mga gulay at hinanap ang mga kakailanganin naming sahog para sa planong tinola.

Panghuli, kami ay umuwi at binalikan ang listahan kung amin bang nabili ang mga dapat bilhin at kinuwenta ang perang natitira at ang aming mga binili.

ARALIN 1

2. Prosidyural

Tumutukoy ito sa pagkakasunod-sunod ng gawain/ proseso at hakbang na naglalayong matamo ang nais na resulta. Ang mga hakbang sa pagluluto ng isang resipi, pagpapatala sa isang unibersidad, pagsasagawa ng isang plano o gawain ay mga halimbawa nito. Ilan sa mga hudyat na ginagamit ay unang hakbang, pangalawang hakbang at iba pa.

Halimbawa:

Bago pa man tayo mamalengke ay may sinusunod na tayong hakbang sa ating isip upang isagawa ito.

Kagaya ng:



Unang Hakbang:

Ilista ang mga dapat na bilhin upang hindi kapusin sa badyet na nakalaan para sa pamamalengke.



Pangalawang Hakbang:

Tumungo sa pamilihan at unahin ang mahalagang bagay na dapat bilhin.



Pangatlong Hakbang:

Bago umuwi balikan ang listahan kung may nakalimutan ka man bilhin.



Pang-apat na Hakbang:

Kwentahin ang mga naipamili kung ikaw ay sumobra o sumakto sa nakalaang badyet.

3. Kronolohikal

Tumutukoy ito sa lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari batay sa oras at panahon/ taon. Ang kasaysayan ng isang bansa, ang mga naging pangulo, at ang pagkakasunod-sunod ng mga magkakapatid sa isang pamilya ay ilan sa mga halimbawa nito.

Halimbawa:

Pagkakasunod-sunod ng mga Naging at Kasalukuyang Pangulo ng Pilipinas


1. Emilio Y. Aguinaldo
2. Manuel L. Quezon
3. Jose P. Laurel
4. Sergio Osmena Sr.
5. Manuel A. Roxas
6. Elpidio R. Quirino
7. Ramon D. Magsaysay
8. Carlos P. Garcia
9. Diosdado P. Macapagal
10. Ferdinand E. Marcos
11. Corazon C. Aquino
12. Fidel V. Ramos
13. Joseph E. Estrada
14. Gloria Macapagal Arroyo
15. Benigno Simeon C. Aquino III
16. Rodrigo Roa Duterte

Ang mga hudyat na natalakay sa ay isa sa mga mahahalagang elemento ng pagbuo ng tinatawag na **Resipi**.

ANO NGA BA ANG RESIPI?

Ang resipi ay isang talaan na naglalaman ng mga hakbang at panuto sa pagluluto ng iba't ibang pagkain. Ito ay naglalaman ng mga sangkap at sunod-sunod na hakbang sa pagluluto.

Isang magandang gawain ang pagbuo ng resipi dahil nailalahad mo nang malinaw ang pagluluto ng isang pagkain gayondin maaari mong maipamana ang mga resipi na iyong naitala sa susunod pang henerasyon ng inyong pamilya. Kung inyong naoobserbahan, kadalasan sa mga negosyo na ang serbisyo ay pagluluto ng pagkain, naipapasa ang isang resipi mula sa isang henerasyon patungo sa isa at nagpapatuloy ang legasiya ng isang orihinal na resipi.



Ang pag-aaral kung paano sumulat ng mga resipi (o mga resipi para sa isang *blog* ng pagkain, anomang iba pang media o pang-negosyo) ay nangangailangan ng matinding disiplina at pasensya dahil sa masinsin na pagtatala ng mga proseso nang may kawastuhan.

PAANO SUMULAT NG ISANG RESIPI?

Narito ang mga hakbang na gagawin upang makatulong na matiyak na ang iyong mga nakasulat na mga resipi ay masusundan ng mga mambabasa.

PAGGAWA NG BURADOR (DRAFT) NG RESIPI

1. Gumawa ng isang pananaliksik sa resipi.

Hanapin ang mga eksaktong panawag sa mga proseso (e.g klase ng hiwa at uri ng pagluluto), pati na rin ang mga panawag sa mga sangkap na iyong ilalahok.

2. Ilista ang lahat ng mga sangkap na gagamitin sa pagluluto.

Kasama ang mga sukat at anomang paghahanda, tulad ng mga uri ng hiwa. Halimbawa, 2 tasa ng mansanas na hiniwa ng humigit- kumulang 1/2-inch cubes, 5 pirasong tinadtad na kamatis, at 1/2 kalahating kilo ng asukal. Ilista ang mga sangkap sa **pagkakasunud-sunod** kung saan ginagamit ang mga ito sa resipi.

3. Ilista ang mga paraan ng paghahanda

Ang sunod-sunod na proseso mula sa mga sangkap hanggang sa magkaroon ng tapos nang produkto, kabilang ang temperatura ng *oven*, mga uri, at sukat ng anumang kagamitan na ginagamit (ex 8 "cake pan, 3 qt saucepan), atbp. sa pagkakasunud-sunod.

Ito pumapasok ang paggamit ng **Prosedyural** na paraan ng pagsusunod-sunod kung saan naglalagay tayo ng **Unang Hakbang**, **Pangalawang Hakbang**, hanggang sa kung ilang hakbang ang nais.

ARALIN 1

4. Ilista rin ang mga sangkap na maituturing na “Optional” upang magkaroon ng kalayaan ang mambabasa na palitan o huwag na lamang ilagay ito dahil wala naman itong direktang epekto sa kabuoan ng pagluluto.

Para sa mga sangkap na hindi pangkaraniwan, pana-panahon, o mahal (Halimbawa, "walang buto na manok ay maaaring palitan para sa hipon. Gayundin, kung may alkohol, tulad ng *cooking sherry*, sa resipi, mag-alok ng hakbang na maaaring maging pamalit.

SUBUKAN ANG RESIPI AT I-EDIT ANG MGA KINAKAILANGANG DAGDAGAN AT BAWASAN

Ang pagkuha ng mga detalye ng tamang resipi ay kailangan i-edit kunsakaling may mga kailangan dagdagan at bawasan sa sangkap. Kahit na ang mga pinakamahusay na *cook* at *bakers* ay maaaring makalimutan ang isang kritikal na detalye o may mga problema sa pagbibigay-kahulugan sa kanilang mga tala.

Mahalaga na subukan ang resipi bago ito ipamana o ipagamit sa iba nang sa gayon ay maging matipid at episyente ang paggawa.

ISULAT ANG PINAL NA BERSYON NG RESIPI

1. Ayusin at maging konsistent sa mga daglat na ginamit at hakbang na dapat sundin.
2. Maging konsistent sa pagsulat ng mga sangkap na ginamit (halimbawa ang salitang mantikilya, hindi ka maaaring gumamit ng unsalted butter)
3. Huwag kalimutan na gumamit ng mga mga hudyat sa pagsusunod-sunod ng pangyayari upang maging malinaw ang mga hakbang ng iyong resipi.

ARALIN 1

Tingnan ang halimbawa upang matutuhan ang pormat na maaaring gayahin sa pagbuo ng resipi:

Ang resipi ng pastimallovs ay mula sa sarappinoy.com


Pagsulat ng resipi sa paraang prosidyural:

PASTIMALLOVS PANGHIMAGAS

BILANG NG SERVING: DALAWAMPUNG (20) PIRASO

MGA SANGKAP

20 piraso ng malalaking marshmallows
1 lata ng gatas na kondensada 396g/14oz)
2 1/4 tasa ng powdered milk
2 kutsara ng tinunaw na butter
Food coloring (kahit anong kulay na nais)
3/4 tasa ng asukal
maliliit na cupcake cups



HAKBANG SA PAGGAWA NG PASTIMALLOVS

Unang hakbang: Sa isang mangkok, paghaluhin ang gatas na kondensada, powdered milk at ang tinunaw na butter. Haluin ng mabuti.

Pangalawang hakbang: Kung nais na makaroon ng iba't-ibang kulay na pastimallovs, hatiin ang mixture, halimbawa kung nais mong maging kulay pula at dilaw ang kulay, hatiin sa dalawa ang mixture. Kung nais naman na maging simple lang ang pastimallovs maaari nang hindi gawin ang hakbang na ito.

Pangatlong hakbang: Maglagay ng sampu (10) hanggang labindalawang (12) patak ng food coloring sa bawat mangkok na naglalaman ng pinaghating mixture tsaka ito haluin hanggang

ARALIN 1

sa kumalat ang kulay sa kabuoan. kung nais naman na maging simple lang ang pastimallows maaari nang hindi gawin ang hakbang na ito.

Pang-apat na hakbang: Kumuha ng ng isang kutsara mula sa mixture. Iporma ng pabilog sa pamamagitan ng kamay atsaka ito patagin.

Panglimang hakbang: Sa gitna ng patag na mixture, ilagay ang marshmallow tsaka itp biluging muli.

Pang-anim na hakbang: Pagulungin ito sa plato na may asukal tsaka ilagay sa maliit na cupcake cup. Ipagpatuloy lamang ang mga hakbang hanggang sa mauubos ang mixture.

Pampitong hakbang: Palamigin ang pastimallows bago kainin o ibenta.

ARALIN 1

Pagsulat sa paraang kronolohikal:

EBOLUSYON NG PASTIMALLOWS

Unang bersyon: Ang unang bersyon ng pastimalloWS o ng panghimagas na ito ay talagang pastillas lamang na gawa sa pinaghalong gatas na evaporada at powdered milk.

Pangalawang bersyon: Nagkaroon ng inobasyon sa paggawa ng simpleng panghimagas na gusto ng mga Pilipino. Nalagyan na ito ng *fillings* at ito at ang marshmallows kaya nagkaroon ng pastimalloWS.

Pangatlong bersyon: Sa panahon ngayon, hindi na lamang marshmallow ang inilalagay sa loob ng pastillas, nagkaroon na rin ng paglalagay ng tsokolate at iba pang kendi.



ARALIN 1

LINANGIN

I. **Panuto:** Pagsunod-sunurin ang mga bahagi ng resipi sa pagluluto ng “Cheesy Dog Bread Roll” mula kay Lalaine Manalo lagyan ng letrang a hanggang d at isulat ito muli sa wastong ayos. Isulat ang iyong kasagutan sa sagutang papel.

1 **MGA SANGKAP**

- Labing dalawang (12) piraso ng tinapay
- Tatlong (3) malalaking hotdog, hiwain sa apat (4) na piraso
- apat (4) ounces ng cheese, hiwain ito sa dalawampu't apat (24) na manipis na piraso
- dalawang (2) itlog
- 1/4 tasa ng gatas (evaporated, fresh)
- isang (1) pakete ng bread crumbs
- mantika

2 **BILANG NG SERVING: 12 NA SERVINGS**

3 **CHEESE DOG BREAD ROLL
PANGNEGOSYO AT PANG-MERYENDA**

4 **HAKBANG SA PAGGAWA:**

Unang hakbang: Tanggalin ang gilid ng mga tinapay at patagin ito hanggang sa maging manipis at malapad.

Pangalawang hakbang: ilagay ang piraso ng hotdog at dalawang cheese sa patag na tinapay at saka ito bilutin. Ulitin hanggang sa maubos ang mga tinapay.

Pangatlong hakbang: Sa isang mangkok, paghaluin ang itlog at gatas. Batihin ito hanggang sa maging halong halo.

Pang-apat na hakbang: Ilagay sa isang plato ang bread crumbs.

Panglimang hakbang: Isawsaw ang bread roll sa mixture ng itlog at gatas tsaka ipagulong sa bread crumbs.

Pang-anim na hakbang: Painitin ang kawali at lagyan ng mantika (sakto lang na lulubog ang bread roll at maprito nang mabuti) ilagay ang breadroll at lutuin hanggang sa maluto ito at malutong.

Pampitong hakbang: Ilagay sa isang plato. Maaaring magdagdag ng ketchup o mayonnaise upang maging sawsawan.

ARALIN 1

II. Panuto: Gamit ang kronolohikal na paraan, bakasin ang pagkakasunod-sunod ng mga kapatid ni Jose Rizal mula panganay hanggang bunso. Sundin ang pormat sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

PANGALAN	KAPANGANAKAN



ARALIN 1

ISAGAWA

Panuto: Gamit ang prosidyural na paraan ng pagkakasunod-sunod, gumawa ng resipi ng iyong paboritong pagkain. Isulat ang iyong resipi sa isang malinis na papel. Gamiting patnubay sa paggawa ng resipi ang rubrik sa ibaba.

RUBRIK SA PAGGAWA NG RESIPI

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	MAHUSAY (10 PUNTOS)	KATAMTAMAN (8 PUNTOS)	MAHINA (3 PUNTOS)	ISKOR
ORGANISASYON	Napakahusay dahil walang mali sa gramatika at maayos ang lahat ng mga ideya sa loob ng resipi	Mahusay dahil kakaunti lamang ang mali sa gramatika at maayos halos lahat ang mga ideya na nasa loob ng resipi	Kailangang baguhin dahil halos lahat ng pangungusap ay may mali sa gramatika at hindi maayos ang pagsasama-sama ng ideya sa loob ng resipi	
PAKSANG-DIWA (PAGGAMIT NG SIKWENSIYAL NA PARAAN NG PAGKAKASUNOD- SUNOD NG MGA PANGYAYARI)	Napakahusay dahil nagamit nang wasto at malikhain ang sikwensiyal na paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	Mahusay dahil may ilan sa mga pahayag na kinakitaan ng wastong paggamit ng sikwensiyal na paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	Hindi ginamit nang wasto ang sikwensiyal na paraan ng pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari	
PAGGAMIT NG MGA TAMANG HUDYAT	Napakahusay dahil nagamit nang maayos at tama ang mga hudyat na ginagamit sa sikwensiyal	Mahusay dahil nagamit nang maayos at tama ang ilan sa mga hudyat na ginagamit sa sikwensiyal	Hindi nagamit nang maayos at at tama ang mga hudyat na ginagamit sa sikwensiyal	
KABUOAN (30 PUNTOS)				



MGA SALITANG HUDYAT NG SIMULA, GITNA AT WAKAS NG AKDA

Naranasan mo na rin bang magbasa ng kuwento na hindi buo o kompleto ang mga pangyayari sa loob nito o hindi naman kaya ay hindi mo matukoy kung saan ang simula, gitna o wakas ng kuwento? Ano ang iyong naramdaman? Paano mo natukoy ang kabuoan ng iyong binasa? Ano-anong mga hudyat ang nakatulong sa iyo upang maunawaan mo ang kabuoan ng teksto? Ang mga nabanggit ang ating pag-uusapan sa aralin na ito. Kaya naman upang mas lalo nating maunawaan ang mga kuwentong ating binabasa, marapat lamang na may titingnan tayong mga hudyat na siyang nagiging simbolo na tayo ay nasa simula, gitna, o wakas na ng teksto. Kaya naman halina't ating pag-aralan ang mga hudyat na ito.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Nagagamit nang wasto ang mga pang-ugnay na hudyat sa pagsasalaysay at pagsusunod-sunod ng mga pangyayari (isang araw, samantala, at iba pa) (LS1CS/FIL-PS-PPB-JHS-18); at



Nakasusulat ng sariling talambuhay (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14).



ARALIN 2

TUKLASIN

Handa ka na ba?

Simulan natin pagyamanin ang iyong kaalaman at kakayahan sa mga elemento ng kuwento.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang tekstong pinamagatang Talambuhay ni Andres Bonifacio ni Neyt Amon. Pagkatapos, tukuyin ang mga tala o impormasyon na hinihingi kasunod nito. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

SUPREMO NEYT AMON



Si **Andres Bonifacio** ay ipinanganak noong ika-30 ng Nobyembre, 1863. Anak siya nina Santiago Bonifacio at Catalina de Castro . Siya ay nag-aral ng Elementarya sa Guillermo Osmania ng Cebu, ngunit siya ay nahinto sa pag-aaral ng mamatay sa sakit na tuberkolosis ang kanyang mga magulang. Sa edad na 14, ay siya na ang tumayong mga magulang sa kaniyang mga nakababatang kapatid na sina Ciriaco, Procopio, Petrona, at Iroadio. Pagtitinda ng baston at pamaypay ang tanging ikinabubuhay nila.

ARALIN 2

Samantala, salat man sa pinag-aralan marunong siyang magbasa at sumulat. Dalubhasa rin siya sa pagsasalita ng wikang Kastila. **Kaya naman** nakapagtrabaho siya bilang ahente at klerk.

Lumipas ang maraming araw hindi na mapigilan ang pagkahilig niya sa pagbabasa lalo na ng mga librong may temang paghihimagsik kagaya ng nobela ni Rizal na Noli Me Tangere, El Filibusterismo, at "Les Miserables" ni Victor Hugo na kanyang isinalin pa sa Tagalog, Dahil dito, nakasulat siya ng mga akda na tungkol sa pagmamahal sa bayan at kalayaan. Tampo dito ang tulang kanyang sinulat na Pag-ibig sa Tinubuang Lupa.

Bunga noon nagsiklab na sa kanyang kalooban na gumawa ng Himagsikan kasabay nito ay ang pagkakatatag ng Katipunan o KKK (Kataas-taasang Kagalang-galangan na Katipunan ng mga Anak ng Bayan) noong ika-7 ng Hulyo, 1892. Dahil dito kinilala siya bilang "Ama ng Rebulusyon" at tinawag siyang "Supremo" ng ibang mga kasapi ng katipunan.

Halina't pag-aralan natin ang ating paksa upang lubos mo itong maunawaan.

Pangalan:

Kapanganakan:

Magulang:

Edukasyon

Hilig/Gawain/Pinagkakaabalahan:

Akda:

Bansag/Taguri

Naibigay mo ba ang mga hinihinging detalye? Mahusay! Handa ka na sa susunod na yugto ng ating pag-aaral. Halina't palawakin natin ang ating kaalaman ukol sa paksa upang lubos mo itong maunawaan.



ARALIN 2

SURIIN

Ano ang iyong napansin sa binasang teksto?

Paano nagiging buo ang ideya at nagiging konektado ang bawat bahagi ng teksto?

Ano-ano ang mga salitang nagbigay ng pahiwatig na ang nagbabasa ay nasa unahan, gitna at nasa hulihan?

Kung inyong mapapansin sa ating binasang teksto, hindi nagiging kumpleto at hindi maganda ang daloy ng ating kuwento kung ito ay hindi ginagamitan ng iba't ibang palatandaan upang masabi na ang kuwento ay simula, nasa gitna, o wakas.



Sa ating binasang talambuhay gumamit ang manunulat ng **Si Andres Bonifacio** bilang hudyat ng pagsisimula at pagpapakilala sa pinatutungkulan ng talambuhay. Gumamit naman siya ng **Kaya naman** bilang pang-ugnay sa mga ideya sa gitna at **Bunga noon** na nagpapakita ng pagka-huling bahagi ng teksto

Ang pagkakaroon ng mga hudyat na kagaya nito ay makatutulong upang mas mabilis at malinaw ang pang-unawa ng isang mambabasa o tagapakinig sa kuwentong isinasalaysay sa kanila.

Sa madaling salita, nagiging tulay sa wasto at magandang daloy ng komunikasyon ang tinatawag nating mga salitang hudyat ng simula, gitna, at wakas.

ARALIN 2

MGA SALITANG HUDYAT NG SIMULA, GITNA AT WAKAS NG AKDA

Ito ay ang mga palatandaan na nagbibigay-linaw sa mga bahagi ng akda kung ito ba ay simula, gitna o matatapos na.


SIMULA	GITNA	WAKAS
<p>May mga kuwentong nagsisimula sa:</p> <p>Paglalarawan sa lagay ng panahon kagaya ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Malalim na ang gabi • Isang mainit na hapon <p>Paggamit ng mga pahayag na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Noong araw • Noong unang panahon • Magsisimula ako sa.. <p>Pagpapakilala ng tauhan kagaya ng:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Si Juan ay isang... 	<p>Kadalasang ginagamit ang mga pahayag sa ibaba para malaman na ang parteng iyon ay gitna.</p> <p>Paggamit ng mga pahayag na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Makalipas ang ilang araw • Isang araw • Nang lumipas ang maraming araw... • Nagpatuloy ang... • Samantala. 	<p>May mga kuwentong nagtatapos sa:</p> <p>Paggamit ng mga pahayag na:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mula noon - nagbibigay ng natutuhan ng tauhan buhat sa nangyari sa kaniya sa loob ng kuwento. • Simula noon- nagbibigay ng pagbabago ng tauhan dahil sa mga nangyari sa kaniya sa loob ng kuwento. • Bunga nito- kinalabasan ng nangyari sa loob ng kuwento.

ARALIN 2

Ang mga hudyat na ito ay makatutulong sa pagbuo ng isang akda. Isa sa mga akdang iyon ay ang tinatawag nating talambuhay.

ANO ANG TALAMBUHAY?

Ito ay nagmula sa dalawang salita na “tala” at “buhay” na may kabuoang diwa na “tala ng buhay” o isang anyo ng panitikan na nagsasaad ng kasaysayan ng buhay ng isang tao at hango ito sa mga tunay na pangyayari, impormasyon, at tala ng isang tao.



MAY IBA'T IBANG URI NG TALAMBUHAY

Uri ng talambuhay ayon sa paksa at may-akda

- **Talambuhay na Pang-iba** - isang paglalahad ng mga kaganapan sa buhay ng isang tao na isinulat ng ibang tao.
- **Talambuhay na Pansarili** - isang paglalahad tungkol sa buhay ng isang tao na siya mismo ang may-akda o sumulat.
- **Talambuhay Pangkayo** - isang paglalahad tungkol sa buhay ng isang tao na naging sikat sa isang bansa, lalawigan, bayan, o kahit sa isang maliit na pamayanan dahil sa angking galing ng mga ito.

Uri ng talambuhay ayon sa nilalaman

- **Talambuhay na Karaniwan** - isang paglalahad tungkol sa buhay ng isang tao mula sa pagsilang hanggang sa kaniyang pagkamatay. Kasama rito ang detalye tulad ng kaniyang mga magulang, kapatid, kapanganak, pag-aaral, karangalang natamo, mga naging tungkulin, mga nagawa, at iba pang mahahalagang bagay tungkol sa kaniya.

ARALIN 2

- **Talambuhay na Di- Karaniwan** - Hindi gaanong sapat dito ang mahahalagang detalye tungkol sa buhay ng tao maliban kung ito ay may kaugnayan sa simulain ng paksa. Sa halip, binibigyan ng pansin dito ang layunin, adhikain, simulain, paninindigan ng isang tao, at kung paano nauugnay ang isang tao sa kaniyang tagumpay o kabiguan.

PAGSULAT NG TALAMBUHAY NA KARANIWAN

1. **Ilagay ang iyong buong pangalan**
Hal. Si Juana Hilario ay...
Ako si Janith Hermano...
2. **Ibigay ang petsa ng iyong kapanganakan at tirahan**
Hal. Ipinanganak ako noong ika-31 ng Agosto taong 1996. Ako ay kasalukuyang naninirahan sa Taguig City
3. **Isulat ang pangalan ng iyong magulang at mga kapatid.**
Hal. Ang aking magulang ay sina Arlan at Emy at ang aking mga kapatid ay sina Eliza at Allayssa.
4. **Magbigay ng 2-4 na pang-uri na maglalarawan sa iyo bilang isang indibidwal**
Hal. Ako ay maganda, matangkad, mabait, at madaldal.
5. **Ilagay ang mga hilig at gusto**
Hal. Mahilig ako mag-aral, magluto, at magpinta.
6. **Ilagay ang mga kinatatakutan at mga pangarap.**
Hal. Ako ay takot sumubok sa mga bagong bagay ngunit mataas ang aking mga pangarap, nais kong maging guro at makapagtayo ng isang maliit na negosyo.

ARALIN 2

Halimbawa ng talambuhay na karaniwan at nasa uring pang-iba

Si **Juana Hilario** ay ipinanganak noong ika-31 ng Agosto taong 1996. Siya ay kasalukuyang nakatira sa Taguig City. Ang kaniyang mga magulang ay sina Arlan at Emy, ang kaniyang mga kapatid ay sina Eliza at Allayssa. Siya ay maganda, matangkad, mabait, at madaldal. Mahilig din siyang mag-aral, magluto, at magpinta. **Samantala**, siya ay takot sumubok sa mga bagong bagay ngunit hindi ito naging hadlang sa pag-abot niya ng kaniyang mga pangarap kaya naman **simula noong** siya ay nagkamali ng landas, pinilit niyang umangat at ipinagpatuloy ang pangarap niyang maging guro at maging may-ari ng isang maliit na negosyo.

PAGSULAT NG TALAMBUHAY NA DI-KARANIWAN

1. Ilagay ang iyong buong pangalan

Hal. Si Juana Hilario ay...

Ako si Janith Hermano...

2. Ibigay ang petsa ng iyong kapanganakan at tirahan

Hal. Ipinanganak ako noong ika-31 ng Agosto taong 1996. Ako kasalukuyang naninirahan sa Taguig City

3. Isulat ang iyong layunin at adhikain

Hal. Layunin ko na makatulong sa aking kapwa kabataan na magpatuloy sa pag-aaral at huwag sumuko sa kanilang mga pangarap

4. Kuwento ng katagumpayan at kabiguan

Hal. maraming beses na ako nalugmok at nawalan ng pag-asa sa buhay dahil tumigil ako sa pag-aaral ngunit hindi ito naging hadlang para abutin ang aking pangarap at makatulong sa aking kapwa.

ARALIN 2

Halimbawa ng talambuhay na di-karaniwan at nasa uring pang-iba

Magsisimula ako sa pagpapakilala ng ating pangunahing tauhan sa talambuhay na ito at siyang magiging inspirasyon natin sa akdang ito at ito ay walang iba kundi si Juana Hilario, Siya ay kasalukuyang nakatira sa Taguig City. Sa murang edad at dahil sa hirap ng buhay siya ay naging katulong sa isang mayamang pamilya, nagustuhan siya nito at kinakitaan ng potensyal kaya naman siya ay nakapag-aral.

Nang lumipas ang apat na taon, siya ay nakapagtapos sa kursong Human Resource Management sa isang *state university* at nakapunta ng ibang bansa para magtrabaho. Nagpatuloy siya sa kaniyang pag-aaral hanggang sa makakuha ng isang magandang trabaho. Gamit ang konting ipon, bumuo siya ng isang organisasyon na ang layunin ay makatulong sa mga kabataan na magpatuloy sa pag-aaral at huwag sumuko sa kanilang mga pangarap. Bunga noon, lahat ng kaniyang natutulungan sa pag-aaral ay tumutulong na rin sa iba na abutin ang kanilang pangarap.

Kinakitaan ng malaking kinalaman sa isa't isa ang pagbuo ng talambuhay at paggamit ng mga hudyat ng simula, gitna at wakas. Malaki ang naging gampanin ng mga hudyat na ito upang maging maayos ang daloy ng mga impormasyon na nasa loob ng akda. Nagsilbi rin itong taga-konekta sa mga ideya na matatagpuan sa loob ng talambuhay.




ARALIN 2

LINANGIN

- I. **Panuto:** Alamin ang ginamit na mga hudyat sa simula, gitna at wakas ng talambuhay na may pamagat na “Kasambahay Noon, Negosyante Ngayon!”. Isulat ang tamang sagot sa malinis na papel.

KASAMBAHAY NOON, NEGOSYANTE NGAYON

NEYT AMON



Si **Carolina Dela Cruz** ay ipinanganak noong ika-3 ng Nobyembre taong 1995. Siya ay kasalukuyang nakatira sa Makati City. Sa murang edad naging mulat siya sa reyalidad na siya ay hindi lumaki sa isang mayamang pamilya at kailangan niya gumawa ng paraan upang maiahon ang kaniyang pamilya sa hirap ng buhay **Kaya naman**, imbes na mag-aral siya ay namasukan bilang kasambahay at habang tumatagal nagpapalipat-lipat lang siya ng pinapasukan. Naranasan niya rin magtrabaho sa grocery bilang bagger, tubigan bilang cashier, pero hindi rin siya nagtagal dahil sa baba ng sahod.

ARALIN 2

Sa pamamagitan ng kaniyang pagsisikap at paunti-unting sahod sa pinapasukan at sa Alternative Learning System (ALS), nakapagtapos ng highschool si Carolina at nagpatuloy sa kolehiyo sa kursong Business Management **samantalang**, tuwing bakasyon nagtatrabaho siya bilang isang kasambahay.

Nagpatuloy ang mga araw na halos wala na siyang sahurin dahil puro siya bale sa sahod ngunit ayon sa kaniya, iniiyak niya na lang ito at ipinapasa-Diyos. **Lumipas ang maraming taon**, siya ay nakapagtapos ng pag-aaral, pinasalamatan niya ang kaniyang amo na tumulong sa kaniya gayundin ang kaniyang sarili na hindi sumuko sa hamon ng buhay.

Nakapagpatayo siya ng isang maliit na milktea shop hanggang sa lumaki ito at lumago, ngayon ang lahat ng kaniyang mga trabahador ay mga kabataang nais magpatuloy sa pag-aaral. Tumutulong siya sa pamamagitan ng pagbibigay ng *scholarship assistance* sa mga ito. Layunin niya na maiangat sa buhay ang mga kagaya niya na nagsisimula sa wala.

Bunga nito, pinasalamatan siya ng maraming tao at nakapagpatapos na rin siya ng sampung kabataan na ngayon ay kasangga na niya sa pag-aasikaso ng mga negosyo. Binigyan din siya ng parangal ng isang prestihiyosong samahan ng mga pilantropo ng *Best Grant Program Award*.

ARALIN 2

II. Panuto: Tukuyin kung ang pahayag ay Simula, Gitna o Wakas. Lagyan ng “S” kung Simula, lagyan ng “G” kung Gitna at lagyan ng “W” kung Wakas.

- _____ 1. Malalim na ang gabi at abalang-abala pa sa pananahi ang magkapatid na babae. Tinatahi nila ang mga kamisa at saya nila na isusuot para sa misa kinaumagahan. (**Mula sa Kuwentong-Bayan ng Bikol na “Duwende”**)

- _____ 2. Mula noon, naging maingat na ang magkapatid at ang buong bayan ng Legaspi sa duwende. Isinasara na nila ang kanilang mga pinto at mga bintana bago sila matulog sa gabi. (**Mula sa Kuwentong-Bayan ng Bikol na “Duwende”**)

- _____ 3. Isang araw, may dumating na salamangkero sa kaharian. Nais ng salamangkero na magpakasal kay Prinsesa Alindaya kaya nagbigay siya ng solusyon sa problema ng datu. (**Mula sa Alamat ng Bundok Pinatubo ng Zambales**)

- _____ 4. Isang gabi, habang nananalangin ang babae, nagpakita ang isang anghel sa kaniyang at nagwika, "Huwag kang matakot. Isinugo ako ni Bathala upang maghatid ng magandang balita. Kayo ay bibigyan na napakagandang anak na babae." (**Mula sa Alamat ng Ilang Ilang**)

- _____ 5. Mula nang sila'y humingi ng tawad sa diwata ay bumalik na ang ganda ng karagatan at muling dumami ang mga isda. Nanaganang muli ang kabuhayan ng mga tao. (**Mula sa Kuwentongng-bayan na “Ang Diwata ng Karagatan”**)



ARALIN 2

ISAGAWA

- I. **Panuto:** Sumulat ng halimbawa ng talambuhay na karaniwan ng isang taong kilalang-kilala mo. Itala muna ang mga mahahalagang detalye ukol sa kaniya. Tiyakin na magagamit ang mga **Hudyat ng Simula, Gitna at Wakas** sa paggawa nito. Gamiting patnubay sa pagsasagawa ang rubrik sa ibaba. Gawin ito sa isang malinis na papel.

RUBRIK SA PAGSULAT NG TALAMBUHAY

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	DESKRIPSYON	ISKOR
NILALAMAN (6 PUNTOS)	Maayos ang lahat ng mga impormasyon na nakapaloob sa talambuhay. Malinaw na nailahad ang nais iparating sa talambuhay	
PAGGAMIT NG MGA SALITANG HUDYAT NG SIMULA, GITNA AT WAKAS (8 PUNTOS)	Nagamit nang wasto Hudyat ng Pagsusunod-sunod ng Pangyayari	
PAGIGING MALIKHAIN (3 PUNTOS)	Malikhain ang pagkakagawa ng sanaysay, gumamit ng ibang porma	
ORGANISASYON (3 PUNTOS)	Organisado, malinaw at simple ang pagkakalahad ng ideya. Magkakaugnay ang mga pangungusap at maayos ang transisyon sa mga sumusunod na talata	
KABUOAN (20 PUNTOS)		

- II. **Panuto:** Sumulat ng sariling talambuhay. Itala muna ang mga mahahalagang detalye ng iyong sarili. Tiyakin na magagamit ang mga hudyat ng simula, gitna at wakas. Gamiting patnubay sa pagsulat ng sariling talambuhay ang rubrik sa itaas. Gawin ito sa isang malinis na papel.



PAMAMARAAN NG PAGPAPAABOT NG MенсаHE

Kinagigiliwan mo rin bang magbasa ng pahayagan o diyaryo? Anong bahagi ang madalas mong inuunang binabasa? Binabasa mo rin ba ang mga anunsiyo at pahinang panliteratura/ Wow, ang galing naman! Ang pagbabasa ng pahayagan ay mainam na paraan ng pagpapayaman ng kaalaman at karanasan. Malaki ang naitutulong nito upang mapaunlad natin ang ating sarili. Makatutulong din ito sa pagpapayaman ng ating kakayahan sa pagpapahayag ng ating kaisipan, mensahe, at mga karanasan. Kaya naman, inihanda itong ating aralin upang lalo mo pang mapaunlad ang iyong pagpapahayag. Simulan na natin.

Pagkatapos ng aralin, kaya mo nang isagawa ang sumusunod:



Nakasusulat ng liham na nag-aaplay ng trabaho (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14); at



Nakasusulat ng tugma o maikling tula (LS1CS/FIL-PU-PPE-MT/JHS-14).



ARALIN 3

TUKLASIN

Handa ka na ba?

Batid ko na may ideya ka na sa araling ito. Subukin nating alamin kung ang iyong mga ideya ay tumutugon sa mga konseptong saklaw ng aralin. Simulan natin sa pamamagitan ng gawain na susukat sa lawak ng iyong kaalaman.

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang liham sa ibaba. Pagkatapos, sagutin ang sumusunod na tanong kasunod nito.

JohnRick Sabater
Manggahan, Pasig
15 Marso 2017

G. Francisco Gobiya
Manedyer
Tinapay Lang Express, Inc.
Quiapo, Sta. Cruz, Maynila

Kagalang-galang na G. Gobiya,

Nabasa ko po sa pahayagan noong Marso 12, 2017, na kayo ay nangangailangan ng isang Panadero.

Sana ay maging karapat-dapat po ako sa mga kuwalipikasyong hinahanap ninyo. Nakahanda po akong mainterbyu sa araw at oras na gusto ninyo. Ako po si JohnRick Sabater, 17 taong gulang at kasalukuyang nag-aaral sa TESDA sa ilalim ng kursong Cookery.

Bagama't ako po ay nag-aaral pa, ako po ay may sapat ng kaalaman upang maging kapakipakinabang sa inyong panaderya at sa posisyong aking inaaplayan. Ako po ay sumali na sa maraming patimpalak na ginanap sa aming paaralan at komunidad. Kilala rin ako bilang "Master Baker" sa aming paaralan dahil sa pagkapanalo ng unang kampionato sa patimpalak na pagandahan at pasarapan ng tinapay.

Lubos na gumagalang,

JohnRick Sabater

ARALIN 3

Mga tanong:

1. Tungkol saan ang liham?
2. Ano sa iyong palagay ang intensyon ni John Rick kay G. Gobiya?
3. Ano-anong kuwalipikasyon ang maaring magpakumbinsi kay G. Gobiya para tanggapin si John Rick sa kaniyang panaderya?
4. Sa palagay mo, makukuha kaya ni John Rick ang inaaplayan niyang posisyon? Patunayan.
5. Kung ikaw si G. Gobiya, tatanggapin mo ba siya? Bakit?



ARALIN 3

SURIIN

Natukoy mo ba ang lahat ng hinihingi sa mga naunang tanong? Mahusay! Ngayon, suriin natin ang iyong ginawa sa naunang gawain.

Ano ang nilalaman ng liham? Ano sa iyong palagay ang intensyon ni JohnRick kay G. Gobiya?

Ang iyong nabasang liham ay isang halimbawa ng liham-aplikasyon at nais ipaabot ni JohnRick ang kaniyang intensyon na magtrabaho sa kompanya ni G. Gobiya. Kaya naman ito ay maituturing na pamamaraan ng paghahatid ng mensahe sa paraang instrumental dahil naghahatid ito ng ispesipikong mensahe para sa mga taong nakababasa nito. Ito rin ay nakapanghikayat ng tao dahil naglalaman ang liham ng mga kuwalipikasyon na siyang makatutulong kay G. Gobiya na ikonsidera ang pagtanggap sa aplikasyon ni JohnRick.

Halika at pag-aaralan mo pa ang ilan sa mga paraan ng pagpapaabot ng mensahe.

MGA PAMAMARAAN NG PAGHAHATID NG MENSAHE

INSTRUMENTAL

Ito ay paraan ng paghahatid ng mensahe na gumagamit instrumento para makapanghikayat ng tao na bilhin ang isang serbisyo o produkto tulad ng patalastas, *pamphlets*, *brochure* at *billboards*.

Ito rin ang ginagamit sa Liham Aplikasyon o pagsulat ng liham na nag-aapply ng trabaho



ARALIN 3

Ano ang liham-aplikasyon?

Ito ang sulat na pinagbabasehan para interbyuhin ang aplikante. Iniisa-isa rito ang mga kwalipikasyon ng aplikante.

PAANO SUMULAT NG LIHAM-APLIKASYON?

MGA DAPAT GAWIN:

1. Alamin kung sino at ano ang posisyon ng padadalhan ng aplikasyon.
2. Isulat kung paano nalaman na may bakanteng posisyon.
3. Iklian ang pahayag na nagbibigay-diin sa kuwalipikasyon sa posisyon.
4. Bigyang-diin ang maitutulong sa halip na ang magagawa ng kompanya sa aplikante.
5. Sabihin ang kahandaan para sa isang interbyu anumang oras.
6. Ipakita ang kasiglahan sa buong sulat.
7. Pirmahan ang sulat.
8. Tumawag para ma-*follow up* ang sulat.

MGA DI-DAPAT GAWIN:

1. Huwag gamitan ang sulat ng mga gasgas ng paggalang gaya ng “Sa kinauukulan”. “Mahal na Ginoo o Madam”.
2. Huwag simulan ang bawat pangungusap sa “Ako”.
3. Huwag punuin ang buong pahina, mga tatlo o apat na maiikling talata lamang sapat na.
4. Huwag ding gagamit ng mga lumang ekspresyon.
5. Huwag magpadala nang magpadala ng sulat.

ARALIN 3

MGA BAHAGI NG LIHAM-APLIKASYON

- 1 **Pamuhatan** – dito inilalagay ang petsa kung kailan ginawa ang sulat, address at ang pangalan ng sumulat.
- 2 **Patunguhan** – dito inilalagay ang pangalan ng susulatan, posisyon sa kumpanya at *address* ng kumpanya.
- 3 **Bating Panimula** – dito inilalagay pangalan ng makatatanggap ng sulat at palagi itong nagtatapos ito sa kuwit o *comma* (,).
- 4 **Katawan ng Liham** – Dito nakalagay ang mga sumusunod:
 - Pagpapakilala ng iyong sarili
 - Mga karanasan sa pagtrabaho
 - Interest at hilig.
- 5 **Bating Pangwakas** – ito ay isang magalang na pamamaalam at tanda ng pagtatapos ng liham.
- 6 **Lagda** – ito ay isang taong sumulat at ang kaniyang sariling lagda.

Matatagpuan sa susunod na pahina ang halimbawa ng isang liham-aplikasyon na magkahiwalay ang sulat at resumé.

G Staisy Kathleen T. Laureta
Patucannay Bangued, Abra
14 Setyembre 2017

1

Gng. Janice Tamo
Abra Provincial Hospital
Rizal St. Zone 6 Bangued,
Abra

2

Kagalang-galang na Gng. Tamo,

3

Nabasa ko po sa isang diyaryo na nangangailangan kayo ng isang nars sa inyong ospital. Naniniwala po akong taglay ko ang mga katangiang hinahanap ninyo para sa trabahong ito, kaya nais ko po sanang mag-aplay sa nasabing posisyon.

Ako po'y isang dalaga, dalawampu't pitong gulang, nagtapos ng kolehiyo sa Divine Word College of Bangued noong Marso 2017 at ako po ay isa nang rehistradong nars. Ako po ay mabait, magalang, matiyaga at masipag lalong lalo na sa pag-aalaga ng pasyente. Nakapagtrabaho na rin po ako sa isang respetadong ospital.

Pinili ko ang inyong ospital dahil nais kong umunlad kasama ng maunlad at mapagkalinga niyong kumpanya.

Handa po akong magtungo sa inyong tanggapan para sa isang panayam, sa oras at sa petsang nanaisin ninyo.
Maraming Salamat po.

Lubos na gumagalang,


5

Staisy Kathleen Laureta

6

4

ARALIN 3



ARALIN 3

Mula sa isang pormal na pagpapahayag ng sarili dumako naman tayo sa may masining at malikhaing pagpapahayag. Nagkakaroon ng proseso ng pagpapaabot ng mensahe sa ibang tao gamit ang pagiging malikhain at ang imahinasyon, ito rin ay kadalasang ginagamit upang makapaglabas ng saloobin gaya ng hinanakit, kilig, tuwa, o kasiyahan. Ang tawag sa paraan ng pagpapaabot ng mensahe na ito ay ang **imahinatibong** paraan.

Sa pamamagitan ng imahinatibong paraan, naihayag mo ang mensahe gamit ang iyong imahinasyon.



IMAHINATIBO

Ginagamit kapag bumubuo ng isang akdang pampanitikan na bunga ng imahinasyon.

Halimbawa: Tula, Spoken Word Poetry, Maikling Kuwento

Makikita ang halimbawa sa susunod na pahina.

MANUNULAT AT PAMAGAT


NANETTE AMONGOL

Hindi mabuo-buo ang mga sinusulat kong tula,
hindi ko na alam kung sino o ano ba ang aking paksa.

Unang taludtod,
tungkol sa pagmamahal na naudlot

Pangalawa, pagsintang hindi napinta
dahil may ibang iniibig ang tinuring kong sinta.
Wala na akong balak pang ituloy ang tula ko,
hindi rin naman ito umaayon sa gusto ko
ngunit biglang gumalaw ang aking kamay
noong dumating ang kagaya mo.

Isusulat na nito ang pangatlong
taludtod na naisip ko
ngunit hindi mo ko binigyan ng
pagkakataon na isulat
ang pangatlo sa tulang balu-baluktot.
Sa halip, hinawakan mo ang kamay
ko at kinuha ang panulat,
pinunit ang pahina na may unang
pangarap
at isinulat ang pangalan nating dalawa bilang pamagat.



ARALIN 3

Sa paggawa ng tula, maaari mong gamiting gabay ang sumusunod:

1. **Humanap Ng Inspirasyon** – Eto ang pinaka importante sa lahat. Kung wala ito, hindi magiging kapanipaniwala ang iyong mga sulat. Hindi sa lahat ng pagkakataon ay makakakuha ka ng inspirasyon. Minsan mayroong mga pangyayari o tao na bigla na lamang bibigay sayo ng napaka tinding emosyon na para bang umaapaw. Pag nakita mo na iyon, dapat handa ka ng mag sulat.
2. **Magsimula sa Malayang Taludturan** – Maraming pormal na paraan ng pag sulat ng tula na gumagamit ng saktong sukat at tugma. Pero, mas maganda pa rin na mag simula ka sa malayang taludturan.
3. **Siguraduhing Alam mo ang Sinusulat mo** – Hindi magiging kapani-paniwala ang iyong tula kung hindi mo ito lubos na alam. Kung ang sulat mo ay tungkol sa kalagayang panlipunan, dapat alam mo talaga kung anong nangyayari.
4. **Magbasa ng Tula ng Iba** – Hindi ka magiging mahusay na manunulat kung hindi ka natututo sa iba. Sa pagbasa mo ng ibang tula, maaring makakakita ka ng ibang paraan ng pag sulat na puwede mong kunan ng inspirasyon.



ARALIN 3

LINANGIN

I. Panuto: Sumulat ng isang liham-aplikasyon gamit ang mga impormasyon at sitwasyon na ibinigay. Isulat ang iyong liham-aplikasyon sa isang malinis na papel.

Si Robert Valdez ay nais mag-apply bilang isang kusinero sa isang sikat na kainang nagngangalang Karlo's Eatery. Ang pangalan ng tagapamahala nito ay William Gozon at ang kaininan na ito ay matatagpuan sa Quiapo, Sta. Cruz, Maynila. Si Robert ay nakatira sa 18A Molave St., Brgy. Pinagsama, Taguig City. Nais niyang ipasa ang kaniyang liham sa petsang Agosto 26, 2020. Siya ay nag-aral sa TESDA sa ilalim ng programang cookery at nakapasa sa NC-II- Food and Beverage Services at may sertipiko nito.

Ipagpalagay natin na kaibigan mo si Robert at nais niyang tulungan mo siya gumawa ng isang liham-aplikasyon upang maisakatuparan niya ang pag-apply ng trabaho.

Pamantayan:

- 5 -Mahusay
- 4- Katamtaman
- 3- Pagbutihin pa
- 2- Hindi gaanong kinakitaan ng kahusayan,
- 1- lubos na hindi kinakitaan ng kahusayan

RUBRIK SA PAGBUO NG LIHAM-APLIKASYON

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	DESKRIPSYON	ISKOR
NILALAMAN	Nailahad nang malinaw ang layunin ng sumulat	
ORGANISASYON	Nakabuo nang maayos at makatotohanan na liham. Nasa angkop na posisyon ang bawat parte nito	
PAKSANG-DIWA	Ang ginawang liham-aplikasyon ay nakapanghihikayat sa mambabasa at epektibo ang pagkakabuo nito ayon sa layunin	
KABUOAN (15 PUNTOS)		

ARALIN 3

II. Panuto: Sa pamamagitan ng imahinatibong paraan, sumulat ng isang tula na nagpapakilala sa iyong sarili. Ito ay maaaring nasa anyo ng malayang taludturan at may tugmaan. Isulat ang iyong tula sa isang malinis na papel. Gamiting patnubay sa pagsulat ang rubrik sa ibaba.

Pamantayan:

- 5 - Lubos na kinakikitaan ng Kagalingan
- 4 - Bahagyang kinakikitaan ng kagalingan
- 3 - Pagbutihin pa
- 2 - Hindi gaanong kinakitaan ng kagalingan
- 1 - lubos na hindi kinakitaan ng kagalingan.

RUBRIK SA PAGBUO NG TULA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	DESKRIPSYON	ISKOR
MENSAHE	Malinaw ang mensaheng ipinararating sa tulang naisulat at kinakitaan ng kaalaman sa balitang napili	
MEKANIKS	Binubuo ng apat na sagnong ang tula	
KARIKTAN	Malikhaing nagamit ang tugmaan upang malinaw na makita ang aliw-iw/indayog ng tula	
KABUOAN (15 PUNTOS)		



ARALIN 3

ISAGAWA

- I. **Panuto:** Bumuo ng isang liham-aplikasyon gamit ang mga impormasyon at sitwasyon na ibinigay. Isulat ang iyong liham-aplikasyon sa isang malinis na papel.

Ikaw ay naglalakad sa isang kalsada habang iniisip kung paano makatutulong sa pamilya at naisip mo na nais mong magbakasakali sa pagtrabaho nang biglang may nakita kang anunsyo.

Kumita kahit nasa bahay!

Magdisenyo ng mga tote bag
Madali lamang-parang naglilibang

Magpasa ng iyong
liham-aplikasyon at ipangalan
ipadala kay Gng. Roselyn Liboon
(tagapamahala) sa adres na Quiapo,
Sta. Cruz, Maynila.

Pamantayan:

- 5 - Mahusay
- 4 - Katamtaman
- 3 - Pagbutihin pa
- 2 - Hindi gaanong kinakitaan ng kagalingan
- 1 - lubos na hindi kinakitaan ng kagalingan.

RUBRIK SA PAGBUO NG LIHAM-APLIKASYON

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	DESKRIPSYON	ISKOR
MENSAHE	Naibigay ang mga mahahalagang bahagi ng liham-aplikasyon	
ORGANISASYON	Nakabuo nang maayos at makatotohanan na liham. Nasa angkop na posisyon ang bawat parte nito	
PAKSANG-DIWA	Ang ginawang liham-aplikasyon ay nakapanghihikayat sa mambabasa at epektibo ang pagkakabuo nito ayon sa layunin	
KABUOAN (15 PUNTOS)		

ARALIN 3

II. Panuto: Sumulat ng isang malayang taludturang tula na may tugma batay sa paksang malapit sa iyong karanasan. Gamiting patnubay sa pagsulat ang rubrik sa ibaba. Isulat ang tula sa isang malinis na papel.

Pamantayan:

- 5 - Lubos na kinakikitaan ng Kagalingan
- 4 - Bahagyang kinakikitaan ng kagalingan
- 3 - Pagbutihin pa
- 2 - Hindi gaanong kinakitaan ng kagalingan
- 1 - lubos na hindi kinakitaan ng kagalingan.

RUBRIK SA PAGBUO NG TULA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	DESKRIPSYON	ISKOR
MENSAHE	Malinaw ang mensaheng ipinararating sa tulang naisulat at kinakitaan ng kaalaman sa balitang napili	
MEKANIKS	Malaya ang taludturan ng tula at may tugmaan	
KARIKTAN	Malikhaing nagamit ang tugmaan upang malinaw na makita ang aliw-iw/indayog ng tula	
KABUOAN (15 PUNTOS)		

ARALIN 3

III. Panuto: Bumuo ng isang tula para sa isang mahalagang tao sa buhay mo. Ito ay dapat naglalaman ng tugmaan at tatlo hanggang apat na taludtod. Isulat ang iyong tula sa isang malinis na papel.

Pamantayan:

- 5 - Lubos na kinakikitaan ng kahusayan
- 4 - Bahagyang kinakikitaan ng kahusayan
- 3 - Pagbutihin pa
- 2 - Hindi gaanong kinakitaan ng kagalingan
- 1 - lubos na hindi kinakitaan ng kagalingan.

RUBRIK SA PAGSULAT NG TULA

Ang rubrik na ito ang pagbabatayan upang matukoy ang grado ng iyong gawain.

MGA KRAYTERYA	DESKRIPSYON	ISKOR
MENSAHE	Malinaw ang mensaheng ipinararating sa tulang naisulat	
MEKANIKS	Binubuo ng apat na sakhong ang tula	
KARIKTAN	Malikhaing nagamit ang tugmaan upang malinaw na makita ang aliw-iw/indayog ng tula	
KABUOAN (15 PUNTOS)		



MODYUL 2

TANDAAN MO

- Ang isang teksto ay maaaring gumamit ng iba't ibang lunsaran gaya ng **pagsusunod o order**. Ilan sa mga uri ng pagsusunod-sunod o order ay **sekwensiyal, prosidyural, at kronolohikal**. Kadalasang ginagamit na hudyat sa sekwensiyal ang **una, sumunod, panghuli** at iba pa. Ginagamit naman na hudyat sa pagkakasunod sa paraang prosidyural ang **unang hakbang, ikalawang hakbang** at iba pa. Samantala, depende sa inilalahad na pagkakasunod-sunod ng konsepto ang mga hudyat na ginagamit sa kronolohikal gaya ng **una, ikalawa, ikatlo** at iba pa.
- Ang pagsulat ng isang **resipi** ay isang halimbawa ng pagsusunod-sunod sa paraang prosidyural. Mahalaga sa paggawa nito ang mga sangkap na kakailanganin at ang mga proseso o hakbang sa pagsasagawa o paghahanda.
- Ang talambuhay ay maaaring uriin **ayon sa paksa at may-akda at ayon sa nilalaman**. Ang talambuhay ayon sa paksa at may-akda ay maaaring **pang-iba, pansarili, at pangkayo**. Ang talambuhay ayon sa nilalaman naman ay maaaring **karaniwan o di karaniwan**.
- Isang pangangailangang pantrabaho ang pagsulat ng **liham-aplikasyon**. Ang korespondensiyang ito ay naglalaman ng mahahalagang bahagi gaya ng **pamuhatan, patunguhan, bating panimula, katawan ng liham, bating pangwakas, at lagda**.



MODYUL 2

PAGTATAYA

I. **Panuto:** Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Pagkatapos, piliin ang titik ng tamang sagot. Isulat ang iyong sagot sa iyong sagutang papel.

1. Tuwang-tuwa na ikinuwento ni Josie ang pinanood niyang episodiyo ng kaniyang paboritong teleserye. Anong paraan ng pagsusunod-sunod ang kaniyang ginamit?
 - a. prosidyural
 - b. kronolohikal
 - c. sikwensiyal
 - d. order
2. Kung nais mong ilahad ang kasaysayan at pag-unlad ng wikang pambansa, anong pagsusunod-sunod ang iyong gagamitin?
 - a. sikwensyal
 - b. prosidyural
 - c. kronolohikal
 - d. order
3. Ipinagmamalaking ipinakita ng aking lolo ang pagluluto niya ng kaniyang espesyal na resipi. Anong paraan ng pagsusunod-sunod ang ginamit sa sitwasyon?
 - a. order
 - b. sikwensyal
 - c. kronolohikal
 - d. prosidyural
4. Alin sa sumusunod ang ginagamitan ng kronolohikal na pagsusunod-sunod o order?
 - a. pagsulat ng maikling kuwento
 - b. talambuhay ng isang bayani
 - c. pagluluto ng espesyal na putahe
 - d. pagsasalaysay ng isang pangyayaring nasaksihan

MODYUL 2

5. Tumutukoy ito sa talaaan ng mga hakbang at panuto sa pagluluto ng iba't ibang pagkain.
- a. menu
 - b. resipi
 - c. resume
 - d. manwal
6. Tumutukoy sa kasaysayan ng buhay ng isang tao na hango sa mga tala ng tunay na pangyayari.
- a. sanaysay
 - b. talambuhay
 - c. Kathambuhay
 - d. maikling kuwento
7. Alin sa sumusunod ang nagpapahayag ng hudyat ng pagsisimula ng isang kuwento o akda?
- a. noong unang panahon
 - b. makalipas ang ilang sandali
 - c. buhat noon
 - d. samantala
8. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng instrumental na paraan ng pagpapabatid ng mensahe?
- a. pagbibigay ng babala
 - b. pagbibigay ng opinyon ukol sa isang isyu
 - c. pagsulat ng liham-aplikasyon
 - d. pagsulat ng tula
9. Anong bahagi ng liham ang naglalaman ng pangalan ng susulatan, katungkulan, pangalan ng kompanya, at adres ng kompanya?
- a. pamuhatan
 - b. patunguhan
 - c. katawan ng liham
 - d. bating pangwakas

Nais kong lumipad sa kalangitan
at makipaglaro sa mga tala
Nais kong sumisid sa karagatan
at makipaghabulan sa mga isda
Ito pa kaya'y aking magagawa
kung lalaging nakapatong ang korona?

10. Anong paraan ng pagpapaabot ng mensahe ang pahayag sa itaas?
- a. instrumental
 - b. regulatori
 - c. imahinatibo
 - d. interaksiyonal

SUSI SA PAGWAWASTO

SUBUKIN

GAWAIN I

PAHINA 3

1. C
2. B
3. B
4. A
5. B
6. A

GAWAIN II

PAHINA 7

- 2
- 4
- 5
- 1
- 3

GAWAIN III

PAHINA 7

Nararapat na ang mag-aaral ay naglagay ng sumusunod:

Patunguhan

Bating Panimula

Mensahe

Bating Pangwakas

Lagda

SUSI SA PAGWAWASTO

ARALIN 1: MGA HUDYAT SA PAGKAKASUNOD-SUNOD NG MGA PANGYAYARI

LINANGIN

GAWAIN I

PAHINA 19

1. C
2. B
3. A
4. D

GAWAIN II

PAHINA 20

CHEESE DOG BREAD ROLL

PANG-NEGOSYO AT PANG-MERYENDA

Bilang ng serving: 12 na servings

MGA SANGKAP:

- Labing dalawang (12) piraso ng tinapay
- Tatlong(3) malalaking hotdog, hiwain sa apat(4) na piraso
- apat (4) ounces ng cheese, hiwain ito sa dalawampu't apat (24) na maninipis na piraso
- dalawang (2) itlog
- 1/4 tasa ng gatas (evaporated, fresh)
- isang (1) packete ng bread crumbs
- mantika

MGA HAKBANG SA PAGGAWA:

Unang Hakbang: Tanggalin ang gilid ng mga tinapay at patagin ito hanggang sa maging manipis at malapad.

Pangalawang Hakbang: Ilagay ang piraso ng hotdog at dalawang cheese sa patag na tinapay at saka ito bilutin. Ulitin hanggang sa maubos ang mga tinapay.

SUSI SA PAGWAWASTO

Pangatlong Hakbang: Sa isang mangkok, paghaluin ang itlog at gatas. Batihin ito hanggang sa maging halong halo.

Pang-apat na Hakbang: Ilagay sa isang plato ang bread crumbs

Panlima Hakbang: Isawsaw ang bread roll sa mixture ng itlog at gatas tsaka ipagulong sa bread crumbs

Pang-anim na Hakbang: painitin ang kawali at lagyan ng mantika (sakto lang na lulubog ang bread roll at ma-prito nang mabuti) ilagay ang breadroll at lutuin hanggang sa maluto ito at malutong.

Pampitong Hakbang: Ilagay sa isang plato. Maaaring magdagdag ng ketchup o mayonnaise upang maging sawsawan.

ARALIN 2: MGA SALITANG HUDYAT NG SIMULA, GITNA AT WAKAS NG AKDA

LINANGIN

PAHINA 31

GAWAIN I

1. Si Carolina Dela Cruz
2. Kaya naman,
3. Samantalang,
4. Nagpatuloy ang mga araw
5. Bunga nito

GAWAIN II

PAHINA 34

1. S
2. W
3. G
4. G
5. W

SUSI SA PAGWAWASTO

ARALIN 3: PAMAMARAAN NG PAGPAPAABOT NG MENSAHE

PAGTATAYA

PAHINA 52

1. C
2. C
3. D.
4. B
5. B
6. B
7. A
8. C
9. B
10. C

TALAHULUGAN

Burador	isang panimulang sinulat o draft tungkol sa isang paksa. Hindi pa ito ang pinal na bersyon at maaari pang baguhin ang estruktura at nilalaman.
Kronolohikal	lohikal na pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari batay sa oras at panahon/taon
Liham-aplikasyon	isang anyo ng korespondensiya na naglalaman ng kuwalipikasyon ng isang tao sa gawain/trabahong inaaplayan
Malayang Taludturan	isang tula na isinulat nang walang sinusunod na patakaran kung hindi anumang naisin ng sumulat
Prosidyural	pagkakasunod-sunod ng gawain/proseso at hakbang na naglalayong matamo ang nais na resulta
Resipi	talaan na naglalaman ng mga sangkap, hakbang, at panuto sa pagluluto ng iba't ibang pagkain.
Sikwensiyal	pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari sa isang sitwasyon o kuwento
Taludtod	isang linya ng mga salita sa tula
Tugma	katangian ng tula na hindi angkin ng mga akda sa tuluyan. Sinasabing may tugma ang tula kapag ang huling pantig ng huling salita ay magkasintunog.

TALAHULUGAN

Talambuhay

isang uri ng sulatin na nagsasaad ng kasaysayan ng buhay ng isang taoat hango sa mga tala ng tunay na pangyayari

SANGGUNIAN

Amongol, N. “Noche Buena”. Setyembre 20, 2020. hindi nailathala, wp. typescript

“Manunulat at Pamagat”. wp. hindi nailathala, wp. typescript

“Supremo”. Setyembre 20, 2020. hindi nailathala, wp. typescript

“Kasambahay Noon, Negosyante na Ngayon!”. Setyembre 20, 2020. hindi nailathala, wp. typescript

Apostol, A. L. “Paano gumawa ng graham balls?”. Setyembre 17, 2018. <https://medium.com/@angellouiesapostol/paano-gumawa-ng-graham-balls-38c32364775c>

Arbitrario, Samantha. “Hulwaran at Organisasyon ng Tekstong Ekspositori”, Disyembre 3, 2013. https://prezi.com/miqz_wqn-klh/copy-of-copy-of-copy-of-copy-of-hulwaran-at-organisasyon-ng-tekstong-ekspositori/

Arrogante, J. , A., & Garcia, L. , C. Kakayahang Pilipino sa Komunikasyong Pilipino (1st ed., Vol. 1). Quad Alpha Centrum Bldg. 125 Pioneer St. Mandaluyong City: National Book Store.

Canlas, A. “Pagsulat ng Talambuhay” . Agosto 21, 2020. <https://www.youtube.com/watch?v=LnWuWr1mSm8>

Del Monte. “Embutido Espesyal” . 2020. <https://www.lifegetsbetter.ph/kitchenomics/recipes/1560/embutido-espesyal>

SANGGUNIAN

Gatbonton J.P. “Paano Sumulat ng Mga Recipe - Payo at Mga Tip 2020. Setyembre 2020. <https://tal.routestofinance.com/8862-write-a-cookbook-right-ethical-recipe-writing-2800184-150433>

Manalo, L. “Cheese Dog Bread Rolls”. Agosto 7, 2020 <https://www.kawalingpinoy.com/cheese-dog-bread-rolls/>

“Pagsulat Ng Liham-Pangangalakal Na Nag-Aaplay Sa Trabaho”, n.d. <https://www.slideshare.net/dionesioable/modyul-5-pagsulat-ng-liham-pangangalakal-na-nagaaplay-sa-t>.

Sarap Pinoy. Pastimallovs Recipe. Marso 25, 2018. https://www.sarappinoyrecipes.com/pastimallovs-recipe/?fbclid=IwAR3hZHjP67VoiXdp0kEi9jhBr9ewE_9B04ND4MSqd3CN4xGCLruZVoZ8d1g

Ang pagbuo at paglimbag ng modyul na ito ay naging posible dahil sa kooperasyon ng Asia Pacific College. Ito ay parte ng proyektong “Better Life for Out-of-School Girls to Fight Against Poverty and Injustice in the Philippines” ng opisina ng UNESCO, Jakarta kasama ang Kagawaran ng Edukasyon. Ang inisyatibong ito ay sinuportahan ng Korea International Cooperation Agency (KOICA) sa pamamagitan ng pagbibigay ng suportang pampinansyal.

Para sa mga katanungan, mangyaring makipag-ugnayan sa:

Kagawaran ng Edukasyon, Bureau of Learning Resources (DepEd BLR)

Office Address : Ground Floor, Bonifacio Building, DepEd Complex,
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600
Telefax : +63-2-8631-1072; +63-2-8634-1054; +63-2-8631-4985
Email Address : blr.qad@deped.gov.ph; blr.lrp@deped.gov.ph